http://thepoc.net:80/thepoc-features/pinoy-lgbt/pinoy-lgbt-features/8050-libay-linsangan-cantor.html Go
1 capture
28 Jun 2010
MAY JUN JUL
2009 28 2010 2011
About this capture



# Ang mga dakilang MJ fan girls

Thursday, 24 June 2010 10:56 AM | Libay Linsangan Cantor

Share this | Export PDF | Print | E-mail

mj other1 forpoc

Ako ay isang lesbiyana at ang kaisa-isa kong mas nakababatang kapatid – na di naman nalalayo halos ang edad sa akin – ay isang heteroseksuwal. Pero hindi na isyu sa amin iyon, lalo na sa pamilya namin. At dahil dalawa lang kaming magkapatid, marami kaming kahalintulad na bagay na nakakahiligan, kahit iba pa man ang aming sexual orientation. Isa sa bonding naming magkapatid ay ang pagkahilig namin sa King of Pop , ang yumaong si Michael Jackson.

Bata pa kami, masasabi nang kami ay mga "MJ fan girls" bago pa man nauso ang bansag na "fan girl/boy" sa lexicon ng kulturang popular , at bago pa man namin nakagisnan o natutunan ang salitang "fandom." Ano ba ang fan? Ito ay ang mga taong humahanga sa isang popular na pigura sa kulturang kinagisnan, mapa-sarili man niyang kultura o banyaga. Pero higit pa sa simpleng paghanga ang nararamdaman at ginagawa ng fan. Kadalasan, ang fan ay sumusubaybay sa lahat ng ginagawa ng hinahangaan nilang idolo, at kapag musikero ito, ibig sabihin nito ay binibili namin ang mga plaka, cassette tape at CD ng mga album ni Michael mula noong bata pa kami. Pinapanood namin ang mga music video niyang pinapalabas sa TV, at pinanonood namin at kinokolekta sa betamax, VHS at DVD ang mga concert niya sa ibang bansa at mga pelikulang ginawa niya.

Kaya noong namatay si Michael noong 2009, laking lungkot ang naramdaman ng buong fandom ng King of Pop. Kasama kami sa nakidalamhati sa buong mundo. Pinanood ko ang lamay na memorial-tribute mula sa Los Angeles, live via streaming sa website na nagpalabas nito. Hindi ito napanood ng kapatid ko dahil sa may trabaho siya, at kinuwento ko sa kanya kung paano ako nagmukhang tanga sa harap ng laptop ko na tumutulo ang luha isang hatinggabi habang pinapanood ang iba't ibang sikat na singer na tumutugtog ng mga nilikha niyang kanta, mga kantang masasabi nating classics, tulad ng *"Human Nature"* at mga nilikha o kinanta niya noong kabilang pa siya sa grupo nilang magkakapatid na Jackson 5 tulad ng *"I'll Be There."* Sabi ng kapatid ko, hahanapin na lang daw niya sa YouTube ang video coverage ng lamay. Napanood ko rin sa sinehan ang dokumentaryong kinunan ang paghahanda sana ni Michael ng kanyang pagbabalik sa concert arena, ang *This Is It* , at di rin napanood ito ng kapatid ko. Sabi niya'y hahanap na lang daw siya ng kopyang mabibili sa DVD.

Nang magbakasyon kaming magkapatid sa Los Angeles noong Abril, laking gulat at tuwa namin nang tumambad sa amin ang Captain EO show sa Disneyland . Ito kasi ang isa sa kauna-unahang ginawang 3D show ng batikang direktor ng pelikulang si Francis Ford Coppola sa pamamahala ng special visual effects genius na si George Lucas —ang ama ng *Star Wars* films—na nagsilbing producer ng show, na eksklusibong mapapanood sa lahat ng Disneyland Theme Parks noong 1980s sa section doon na tinatawag na Tomorrowland .

Isang futuristic show ang Captain EO, at ang bida dito ay si Michael. Isa itong 17-minute show na papanoorin mo suot ang 3D glasses. Ito ay tungkol sa isang kapitan ng spaceship na naatasang iligtas ang isang mundong nanganganib. Ang paraan ng pagkuwento ay para ding pelikula, maliban na lang sa paminsan-minsang production number na kahalintulad ng makikitang pagkanta at pagsayaw ni Michael sa mga music video niya.

Laking tuwa lang namin nang pumila kami sa Tomorrowland theater kung saan ito pinapalabas. Di namin pansin

## PINOY LGBT VIDEOS

Get the Flash Player to see this player.
Disclaimer

Opinions
Features
News

## PINOY LGBT RSS

- **Gay pride pulls in Democratic candidates and one Republican - Twin Cities Planet**
- **SF gay pride event celebrates 40th anniversary - The Associated Press**
- **Triangle: Raleigh Center looks for volunteer support - QNotes**
- **Inaugural GLBT exhibit to be displayed at City Hall - Gay and Lesbian Times**
- **OutFront Minnesota Action endorses Kelliher - Minnesota Independent**
- **LGBT museum granted new space - San Francisco Examiner**
- **Race, ethnicity can be challenge to gay acceptance - CNN**
- **Pride turns 40! - Bay Area Reporter**

ang haba ng pila. Nang nasa loob na kami, ang unang tinanong ng host ay kung sino ang nakapanood ng orihinal na Captain EO show noong 1980s (ibinalik lang kasi ito ng Disneyland noong Pebrero 2010 bilang tribute dahil nga namatay na si Michael), at laking gulat at tuwa namin nang halos 90 porsyento ng audience ang humiyaw. Aba, di lang pala kami ang mga fans ni Michael noong panahong iyon. Kaya mas nakakatuwa nang mapanood na naming lahat, excited na excited, animo'y first time naming lahat.

Naalala ko tuloy ang kauna-unahan na kahuli-hulihan ding pagkakataong napanood namin si Michael sa concert, live na live, dito sa Manila , doon sa may Roxas Boulevard sa lugar na malapit sa SM Mall of Asia na ngayon. Mga December 1996 ito, baguhan pa lang akong nagtatrabaho sa film industry at kaka-gradweyt lang sa kolehiyo ng kapatid ko. Malaki na ang P500 noong mga panahong iyon, at iyon lang ang tiket na abot namin ang presyo. Lingid sa aming kaalaman, iyon lang din pala ang abot ng ilang daan o libo na yatang manonood na Pilipinong kasapi sa fandom ni Michael noong 1990s, at tinatayang umabot sa humigit-kumulang na 140,000 katao ang nanood sa concert na iyon dito sa Manila. HIStory World Tour ito, at kasikatan ito ng mga kantang *"You Are Not Alone," "Scream"* at *"Earth Song"* na kasama sa *HIStory: Past, Present and Future* album na pinu-promote niya sa tour na iyon. Di bale nang isang dangkal lang ang liit ni Michael na pinanood naming sinasayaw ang pamoso niyang moonwalk technique, lalo na ang kakaibang galaw na kanyang patented anti-gravity lean na nasa choreography ng kantang *"Smooth Criminal,"* at siyempre pa ang walang kamatayang pagsayaw ng *"Billie Jean"* na ang music video nito ang nagsilbing malaking inspirasyon sa akin para mag-aral ng filmmaking at cinematography o pag-iilaw sa kolehiyo. Oo, nakita namin ang nag-iisang glove niya, ang sumbrerong itim, ang sapatos na makintab, ang jacket na makulay, pati ang niretokeng pinatangos na ilong at napaputing balat. Buti na lang at dala namin ang binoculars ng tatay namin at nalargabista namin ang mga detalyeng ito sa layo ng kinatatayuan namin.

Masarap lang alalahanin ang lahat ng ito, lalo na ngayong mag-iisang taon nang namatay si Michael. Sa kabila ng lahat ng intrigang bumalot sa career at pagkatao niya, nananatili pa rin siyang King of Pop sa pananaw ng mga fans niyang tulad naming magkapatid, kahit nauna na siyang mag-moonwalk sa kabilang ibayo ng kalawakan natin. Ang maganda kasi sa fandom niya, halos iba't ibang uri ng tao ay napag-iisa niya sa larangan ng sining niya – sa mga kantang mahusay at timely ang mga mensahe, sa mga sayaw niyang tinutularan pa rin hanggang ngayon – kahit saan mang bansa ka pa galing o anuman ang seksuwalidad at paniniwala mo. Kaya di na rin kagulat-gulat na maraming mga LGBT ang naging fan niya, dahil ang itinataguyod ni Michael ay isang mundong nais tirhan naming mga LGBT – isang mundong nagmamahalan ang mga tao, walang giyera at corruption, pinangangalagaan ang environment, at higit sa lahat, walang diskriminasyon base sa pagkatao ng isang indibidwal.

Mabuhay ka, Michael!

---

***Photo by Author c/o www.leaflens.blogspot.com. Some rights reserved.***

***Libay Linsangan Cantor is a Palanca-award winning fictionist and a scriptwriter of children's TV shows. You can email her at leaflens@gmail.comleaflens@gmail.com . She blogs at leaflens.blogspot.com and leaflenspopmedia.wordpress.com.***

---

Add this page to your favorite Social Bookmarking websites

## Comments

Add New

**Disclaimer:** Comments posted here reflect our readers' views and not the opinion of The Philippine Online Chronicles.

**Write comment**

Name:

Email:

Send

Please input the anti-spam code that you can read in the image.



Content licensed under Creative Commons by-nc-sa-3.0 Philippines
Attribution-Noncommercial-Share Alike 3.0 Philippines